Industrial Arts

WASTONG PAG-AAYOS NG PRODUKTONG IPAGBIBILI AT PAGBEBENTA

I. NILALAMAN:

Sa araling ito ay matutuhan ng mga mag-aaral ang paraan ng tamang pag-aayos ng mga produktong ipagbibili at ang tamang pagbebenta nito. Tatalakayin di sa aralig ito ang pagpapakete at paglalagay ng tamang pabalat at mga sisidlan ng mga produktong ipagbibili.

II. LAYUNIN:

1. Nasasabi ang wastong paraan sa pag-aayos ng mga produktong ipagbibili at pagbebenta nito.
2. Naisasagawaang wastong paraan sa pag-aayos ng mga produktong ipagbibili at pagbebenta nito.
3. Natutunan ang wastong paraan sa pag-aayos ng mga produktong ipagbibili at pagbebenta nito.

III. PAKSANG ARALIN:

Paksa: Wastong pag-aayos ng produktong ipagbibili at pagbebenta

Sanggunian: k to 12 CG EPP5IA-OH-8
MESOSA V

Kagamitan: Larawang ng produktong nakalagay sa lalagyan at nakaayos sa pamilihan.

IV. PANIMULANG PAGTATASA:

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na katanungan.

1. Ano-ano ang mga produktong makikita sa pamilihan?
2. Paano ito isinasaayos ng may-ari ng tindahan? Paano ito ibinebenta?

V. PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

Suriin ang mga larawan at sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang napansin mo sa larawan?
2. Alin ang mas kaakit-akit?Bakit?

B. PAGLALAHAD

a. Magpakita ng larawan ng mga produktong mula sa patapong bagay.

b. Pagsalaysayin ang mga mag-aaral ng kanilang mga karanasan sa pagbili o pagbebenta ng mga produkto sa pamilihihan.

c. Talakayin ang wastong paraan ng pagsasaayos ng produktong ipagbibili at pagbebenta nito sa pamilihan tignan sa LMLinangin Natin.

d.Pangkatin ang mga mag-aaral sa 5. Ipagawa ang gawin mo sa LM.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

1. Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa wastong paraan pagsasaayos ng produktong kanilang ginawa. Palagyan ng paketeo lalagyan ang mga produktong ginawa.

D. PAGSASANIB

Pagpapakita ng moral sa pag gawa

E. PAGLALAHAT

Ipaunawa sa mag-aaral ang kabutihang dulot ng wastong pagsasaayos ng produktong ipagbibili o ibebenta.

VI. PAGTATAYA

Pasagutan sa mga mag-aaral ang Gawin Natin B na makikita sa LM.

VII. PAGPAPAYAMANG GAWAIN

1. Ipagawa sa mag-aaral ang Pagyamanin Natin sa LM.
2. Ibabahagi ng mag-aral ang kanilang karanasan sa pagsasaayos at pagbebenta ng kanilang produkto.
3. Isasalaysay ng mga mag-aaral ang aral na kanilang natutuhan sa kanilang mga ginawa.

KARAGDAGANG SANGGUNIAN

MESOSA5 Paghahanda ng plano sa isang Gawain
Edukasyon Pantahanan at pangkabuhayan LM 4
Makabuluhang Gawain pantahanan at pangkabuhayan 5
Ana B. Ventura

Industrial Arts	**PAGTUTUOS NG GINASTOS AT KINITA**

I. Nilalaman

Matututuhan sa araling ito ang wastong pagtutuos ng puhunan, gastos, at kinita ng mga produktong ibinenta. Tatalakayin din ang tamang pormula sa pagtutuos ng

kabuuang tinibo at netong tubo. Sa pamamagitan nito malalaman ng mga mag-aaral ang dami ng naipabiling produkto, gastos, tinubo, at ang mga natirang produktong hindi nabili.

II. Layunin

1. Naipamamalas ang kakayahan sa pagtutuos ng puhunan, gastos, at kinita
2. Nakapagtutuos ng pagtutuos ng puhunan, gastos, at kinita
3. Naipapakita ang tamang katuturan at kahalagahan ng pagtutuos

III. Paksang Aralin

A. Paksa: Pagtutuos ng puhunan, Gastos at Kinita

B. Sanggunian: k to 12 CG EPP5IA-OH-8
Eduakasyon Pantahanan at Pangkabuhayan LM 4

C. Kagamitan: Mga halimbawa ng imbentaryo ng paninda o produkto, tsart, kalkulator

IV. Panimulang Pagtatasa

1. Bakit kailangang gumawa ng talaan ang isang magsasaka ukol sa mga ginastos at naibentang mga produkto?
2. Sa pagbebenta, paano nalalaman ng isang magsasaka kung siya ay kumikita o nalulugi?
3. Paano ang tamang paraan ng pagtutuos ng puhunan, gastos at kinita?

V. Pamamaraan

A. Pagganyak

Ipakita sa mag-aaral ang ginawang nilang proyekto. Ipaulat sa kanila kung magakno ang kanilang ginastos sa mga materyales na ginamit nila sa proyekto.Itanong sa knila kung nais ibenta ang kanilang proyekyo?

B. Paglalahad

Ipabasa sa mga mag aaral ang Linangin Natin. Gabayan sila upang masagot ang kanilang mga katanungan.

Palawakin ang talakayan at ipahayag mabuti sa mga mag-aaral ang kahalagan ng wastong pagtutuos ng puhunan at kinita.

Kapag Natapos mo nang ipaliwanag ang konsepto ng aralin at naintindihan na ng mga mag-aaral kung paano ang tamang pagtutuos ng puhunan at kinita, hatiin ang ang mag-aaral sa limang pangkat ipagawa ang Gawain sa linangin natin na makikita sa LM. Ipaulat sa mga mag-aaral ang kinalabasan ng kanilang ginawa.

Ang araling ito ay maaaring mong isanib sa Matematika at ICT.

C.PAGPAPALALIM NG GAWAIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain A (gawin natin) sa LM. Ipatuos kung magkano ang kinita.

D. PAGLALAHAT.

Dapat nating isaalang-alang ang ginastos at kikitain sa natapos na proyekto upang makatulong sa pangangailang ng mag-anak. Ano ang gagawin ninyo sa proyektong natapos? Kung Ikaw ang kikita sa ginawang proyekto, paano mo mapapahalagahan ang perang kinita?

VI. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang Gawain B (Gawain natin) na makikita sa LM. Ipaunawa sa kanila kung paano nila sasagutin ito.

VII. Pagpapayaman ng Gawain:

Ipagawa sa mga mag-aaral an gang mga Gawain sa pagyamanin natin. Maari mong ipagawa ito sa bahay bilang takdang aralin.

KARAGDAGANG SANGGUNIAN

Makabuluhang Gawain Pantahanan at Pangkabuhayan 5
Ana B. Ventura
Edukasyon Pantahanan at pangkanuhayan LM 4

Industrial Arts

PAGPAPLANO NG PROYEKTO GAMIT ANG NAUNANG KINITA

I. NILALAMAN:

Sa araling ito, ang mga mag-aaral ay makakabuo ng bagong plano at proyekto gamit ang kinita sa naunang proyekto. Ang mga mag-aaral ay makapag-iisip na iba pang kapaki-pakinabang na Gawain upang mapalago ang kinita sa mga naunang proyektong ginawa.

II. LAYUNIN:

1. Naipapakita ang kasanayang sa pagpaplano ng proyekto gamit ang naunang kinita.
2. Nakakagawa ng plano ng proyekto gamit ang naunang kinita
3. Napapahalagahan ang pagpaplano ng poyekto gamit ang naunag kinita.

III.PAKSANG ARALIN:

Paksa: Pagpaplano ng proyekto gamit ang naunang kinita
Sanggunian: k to 12 CG EPP5IA-OH-8
MESOSA V
Kagamitan: Larawan ng ginawang proyekto

IV. PANIMULANG PAGTATASA:

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na katanungan

1. Ano ang unang dapat isaalang-alang at gawin sa pagsasagawa ng isang

proyekto?
2. Bakit kaya kailangan natin magsagawa ng plano ng proyekto?

V. PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

Magpakita ng larawan ng mga kagamitan mula sa mga patapong bagay.

B. PAGLALAHAD

Suriin at pag-aralan ang linagin natin na makikita sa LM. Patnubayan sila sa pagbuo ng plano ng isang proyekto.

Pangkatin ang mga mag-aaral, Ipaunawa sa kanila ang pagbuo ng plano sa pag gawa ng proyekto.

C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

Gamit ang mga hakbang sa pagpaplano ng proyekto, planuhin ang proyektong gagawin gamit ang kinita sa unang proyekto. Ipagawa sa mag-aaral ang gawin natin na makikita sa LM.

D. PAGSASANIB

Pagkakaroon ng moral sa paggawa

Pagiging masikap at matiyaga sa paggawa ng proyekto

E. PAGLALAHAT

Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang Kahalagahan ng plano sa isang proyekto?
2. Bakit Kailangang maging maingat sa pagpili ng gagawing proyekto?

VI.PAGTATAYA

Sagutin: Tama o Mali

1. Ang plano ay mahalaga upang maisagawa ng proyekto nang maayos at wasto.
2. Ang krokis ay ang disenyo ng proyekto.
3. Hindi na kailangang itala at kwentahin ang mga materyales na kakailanganin.
4. Ang mga hakbang ay dapat itala sa plano ng proyekto.
5. Ang paggawa ng plano ng proyekto ay naktitipid ng oras, lakas at pera.

VII. PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Ipagawa sa mag-aaral ang pagyamanin natin na makikita sa LM.

KARAGDAGANG SANGGUNIAN

MESOSA5 Paghahanda ng plano sa isang Gawain
Edukasyon Pantahanan at pangkabuhayan LM 4
Makabuluhang Gawain Pantahanan at Pangkabuhayan 5
Ana B. Ventura